**International Journal of Research Studies in Education**
2025 Volume 14 Number 9, 39-49




# Experiences in blended learning using Edmodo: Enhancing writing skills

Peñeda, Marilou B. ✉
*Visayas State University Tolosa, Philippines (marilou.peneda@vsu.edu.ph)*

**Received**: 14 April 2025 **Revised**: 25 April 2025 **Accepted**: 30 April 2025
**Available Online**: 2 May 2025 **DOI**: 10.5861/ijrse.2025.25066

ISSN: 2243-7703
Online ISSN: 2243-7711

OPEN ACCESS

***Abstract***

Teaching in the 21st century presents a continuous challenge for educators to innovate pedagogies that foster quality learning and skill development, particularly in writing. The study focuses on the experiences of the students in blended learning using Edmodo as an online platform. It aims to identify the benefits of blended learning, students' likes and dislikes, students' suggestions for improvement of the blended teaching-learning using Edmodo, and the experiences in using Edmodo as a learning management system in blended learning. The study is qualitative using phenomenological approach to deeply explore on the experiences of the first year of college students. Results revealed that among the benefits identified were effective learning, development of self-directed skills, increased interaction during discussions, and heightened interest in the Filipino subject. Students appreciated the variety of instructional methods used, topic relevance, and the platform's user-friendly nature. However, challenges such as unstable internet connections and tight deadlines were revealed as drawbacks. Students suggested extending the time allotted for lesson completion and providing more comprehensive orientations on using Edmodo. Based on the experience of using the online tool Edmodo, results revealed that students reported numerous learning, gained positive interest in learning, developed positive academic qualities, and had meaningful and unique experiences. These findings suggest that blended learning using Edmodo is an effective approach to cultivating writing skills and enhancing student engagement in Filipino.

***Keywords:*** blended learning, Edmodo, Filipino language, qualitative, Philippines

© The Author(s) / Attribution CC BY

# Experiences in blended learning using Edmodo: Enhancing writing skills


## 1. Abstrak

Ang pag-aaral na ito ay nakatuon sa karanasan ng mga estudyante sa blended na pagtuturo-pagkatuto gamit ang Edmodo bilang online na platform. Layunin ng pag-aaral na matukoy ang mabuting naidulot ng blended na pagtuturo-pagkatuto, nagustuhan at hindi nagustuhan ng mga estudyante sa blended na pagtuturo-pagkatuto, suhestiyon ng mga estudyante upang higit na mapabuti ang paggamit ng blended na pagtuturo-pagkatuto at ang naging karanasan ng mga estudyante sa paggamit ng online na kagamitan sa Edmodo. Ginamit sa pag-aaral na ito ang kwalitatibong pamaraan gamit ang phenomenological approach upang malalimang matukoy ang naging karanasan ng mga mag-aaral na nasa unang taon ng kolehiyo. Lumabas sa panayam ang mabuting naidulot ng blended na pagtuturo-pagkatuto ang mabisang pagkatuto, pagkalinang ng sariling kakayahan, interaksyon sa talakayan at interes sa Filipino. Samantalang nagustuhan ng mga estudyante ang iba't ibang paraan sa paglalahad ng mga paksang ginamit, kaangkupan ng paksa, at kagaanan ng pagkatuto. Kabilang sa mga hindi nagustuhan ng mga estudyante ang mahinang koneksyon sa internet at ang mabilisang deadline. Ang pagpapalawig ng panahon o oras sa pagsagot sa mga aralin at malawakang pagbibigay oryentasyon hinggil sa Edmodo ay lumabas bilang suhestiyon. Batay sa naging karanasan sa paggamit ng online na kagamitan sa Edmodo, lumabas na may maraming natutunan ang mga mag-aaral, pagkakaroon ng kawilihan sa pagkatuto, pagkalinang ng mabuting katangian at makabuluhan at kakaibang karanasan. Mabisa ang paggamit ng blended na pagtuturo-pagkatuto gamit ang online na kagamitan sa Edmodo sa paglinang at pagpapaunlad ng kasanayang pagsulat ng mga mag-aaral sa Filipino.


***Susing Salita***: blended na pagtuturo-pagkatuto, Edmodo, Filipino language, kwalitatibo, Philippines

## 2. Introduksyon

Ang patuloy na pag-unlad ng mga pamaraan sa pagtuturo at pagkatuto ay kasabay sa pagtugon sa kahingian ng panahon. Ang pagsasaalang-alang sa mga interaktibong pamaraan tungo sa epektibong pagkatuto ay mahalaga para sa modernong pagtuturo dahilan sa pagiging madaling ma-access nito at linang na mabisang pakikipag-ugnayan (Soloviova & Trefanenko, 2021).

Isa sa patuloy na umusbong at pag-unlad sa implementasyon sa pagtuturo at pagkatuto na mabisang pamaraan ay ang blended na pamaraan. Ang blended na pagkatuto ay isang inobatibong konsepto na saklaw ang mabubuting naidudulot ng tradisyunal na pagtuturo sa silid-paaralan at ang suporta ng Information and Communication Technology (ICT) sa proseso kasama ang offline at online na pagkatuto ng mga mag-aaral. Nakatuon ito sa kolaboratibong pagkatuto, konstruktibong pagkatuto at pagkatutong sinupurtahan ng ICT. Saklaw din ng proseso ng pagkatuto sa pamaraang blended ang direkta at hindi direktang instruksyon na kung saan ang modelong ng blended ay nagpapahayag ng kakayahang umangkop sa pagkatuto sa nilalaman ng kurso sa parehong online at offline. Ilan sa mga mabuting dulot ng blended na pamaraan ay ang pagkakaroon ng sapat na oras para sa masining at mabisang mga gawaing pampagkatuto, nagkakaroon ng sosyal na interaksyon, nagbibigay ng malawak na saklaw ng komunikasyon, pagiging tech-savvy, pagkalinang ng digital na kakayahan ng mga mag-aaral at pagkalinang ng kakayahan gaya ng motibasyon sa sarili, responsibilidad at disiplina sa sarili na nalilinang (Lalima & Dangwal, 2017).

Pinatunayan ng ilang mga mag-aaral ang pagiging mabisa ng blended na pagkatuto sa pagtatamo ng layunin ng kurso. Ang paggamit at integrasyon ng online na pamaraan sa tradisyunal na pamaraan sa blended na pagtuturo-pagkatuto ay epektibo. Isa na dito ay ang pag-aaral nina Bhadri at Patil (2022) na kung saan nagkaroon ng positibong tugon ang mga mag-aaral hinggil sa teknolohikal na transpormasyon sa pagtuturo at pagkatuto. Dagdag pa na sa pamamagitan ng blended na pagtuturo ay natutong umangkop ang mga mga-aaral at

nabigyan ng mga oportunidad sa bawat pagkatuto.

Ilan sa mga pag-aaral ay nagpahayag ng pagkakaroon ng kahalagahan ng blended na pamaraan sa pagkatuto ng mga mag-aaral at ang makabuluhang karanasan na natatamo mula sa pagpaplano at paghahanda ng aralin. Nabanggit sa pag-aaral ni Muxtorjonovna (2020) na ang blended na pagkatuto ay mabisa sapagkat ang kagamitang pampagtuturo ay madaling ma-access ng mga mag-aaral, direktang tugon, *flexible* na aralin at hindi na nangangailangan ng pisikal na silid-aralan. Ito din ay nakalilinang ng motibasyon sa pagkatuto at pagtatagumpay na matutunan ang bawat aralin. Nagkakaroon ng positibong saloobin ang mga mag-aaral sa blended na pagkatuto (Tuguic, 2021). Ang blended na pamaraan sa pagtuturo ayon kina Deepa, et al. (2021) ay nagiging madali para sa mga guro at estudyante na magtulungan at makipag-ugnayan sa isa't isa sa pamamagitan ng Learning Management System (LMS).

Nagiging mabisa ang implementasyon ng blended na pagtuturo lalo na kung ito ay may katumbas na epektibong learning management systems. Maraming online platform ang sumibol at naging gamitin sa iba't ibang larangan at institusyon. Ang paggamit ng learning management systems (LMS) ay nagbibigay ng gawain sa guro na maglinang ng mabisang online na kagamitang pampagkatuto at pagbibigay ng instruksyon sa mga mag-aaral upang magkaroon ng makabuluhang karanasan sa pagkatuto (Cruz & Catura, 2020). Sa ganitong paraan ay nagiging aktibo ang komunikasyon sa pagitan ng guro at ng mga mag-aaral upang matamo ang layunin ng aralin.

Sa isang sistema ng edukasyon, isang kailanganin ang teknolohikal at ekonomikal na pagsulong sa pamamagitan ng mabisang implementasyon ng kurikulum at may kalidad na instruksyon. Ang bawat institusyon sa edukasyon ay nagsisikap na matugunan ng mga guro at mag-aaral na umangkop sa hybrid, web-based instruction at face-to-face na pagtuturo o pagkatuto upang maging tulay sa pagtatamo ng may kalidad na instruksyon.

Isa sa mga online platform sa pagkatuto na lumitaw at sumibol sa implementasyon ng blended na pagkatuto ay ang Edmodo. Ito ay tinatawag na Facebook of education na naging tanyag at madaling gamitin sa halos lahat ng antas at gulang. Ang Edmodo ay sumusuporta sa komunikasyon, kolaborasyon at pagbabahagi ng nilalaman sa pagitan ng guro at ng mga mag-aaral (Siahaan, 2020).

Ang Edmodo ay isang internet-based na online platform na kung saan ay maaring makapagbahagi ng mga materyal, makipagkomunikasyon sa guro at gumawa ng mga takdang-aralin kahit saan at kahit anong oras. Ito ay isa sa mga inirerekomenda na platform sa pagtuturong at pagkatutong online. Madaling gamitin ang Edmodo sapagkat madaling maunawaan ang bawat feature nito sa interface. Ang mga mag-aaral ay pursigido sa kanilang pagkatuto sapagkat ang guro ay nakagapagbibigay kaagad ng tugon at nagkakaron ng positibong epekto sa mga mag-aaral (Prastyo & Solihah, 2021). Ang paggamit ng Edmodo ay may positibong epekto sa pagkalinang ng akademikong kakayahan ng mga mag-aaral. Sa pamamagitan ng positibong saloobin hingil sa blended na pagkatuto ay nagiging daan ito sa mabisang paggamit ng Edmodo (Javier & Dirain, 2018).

Ang karanasan ng mga mag-aaral sa paggamit ng Edmodo ay mahalagang pagtuunan ng pansin sapagkat ito ay may malaking implikasyon sa mga guro at sa kabuuang pagkatuto ng mga mag-aaral. Nagiging tulay din ito na magkaroon ng malawakang paghahanda ang mga guro sa mga aralin at sa malawakang pagkaunawa sa integrasyon ng teknolohiya sa pagtuturo (Ali, 2015).

Higit na napagtibay ang pagkakaroon ng pagsasagawa ng masinsinang pagsusuri sa mga naging karanasan ng mga mag-aaral sa paggamit ng teknolohiya sa pagkatuto ng mga mag-aaral partikular na sa blended na pagtuturo-pagkatuto upang matukoy ang kabuuang larawan ng paggamit nito at ang epekto sa mga mag-aaral. Ang kinalabasan ng mga pagsusuri ay magbibigay ng ideya sa mga guro upang higit pang mapagtibay ang mga paghahanda sa bawat aralin at maging tulay din ito sa paghahain ng mga panuntunan sa mabisang integrasyon ng teknolohiya sa pagtuturo at pagkatuto (Deng & Tavares, 2015).

Patuloy ang pagsulong ng bawat pamantasan at mga paaralan sa paggamit ng mga hybrid learning model kasabay nito ay ang pag-unawa at pagtukoy sa mga karanasan ng mga mag-aaral na gumagamit ng Edmodo bilang LMS. Ang input o datos hinggil sa paggamit ng platform, mga natutunan at ang pagiging mabisa nito sa pagkatuto ng mga mag-aaral ay may malaking gampanin na paunlarin upang higit na maging mabisa ito.

Nilalayon ng pag-aaral na ito na matukoy ang kabuuang karanasan ng mga mag-aaral hinggil sa paggamit ng Edmodo sa blended na pagtuturo at pagkatuto. Sa pamamagitan ng pagsusuri ng mga karanasan ay nilayon din na makapagbigay ng mahalagang input upang maging mabisa ang paggamit ng Edmodo bilang platform. Makapagbibigay ng malawak na pagpapaliwanag at pagkaunawa hinggil sa Edmodo at makapaglatag ng positibong rekomendasyon sa mga guro at mga tagapamahala sa edukasyon upang higit na maging epektibo ang integrasyon ng teknolohiya sa loob ng silid-aralan.

### *2.1 Layunin ng Pag-aaral*

Pangunahing layunin ng pag-aaral na ito ang tukuyin ang naging karanasan ng mga mag-aaral sa blended na pagtuturo-pagkatuto gamit ang Edmodo bilang online na platform.

Tiniyak na matukoy ang mga sumusunod:

1) mabuting naidulot ng blended na pagtuturo-pagkatuto
2) mga nagustuhan ng mga estudyante sa blended na pagtuturo-pagkatuto
3) mga hindi nagustuhan ng mga estudyante sa blended na pagtuturo-pagkatuto
4) mga suhestiyon ng mga estudyante upang higit na mapabuti ang paggamit ng blended na pagtuturo-pagkatuto
5) karanasan ng mga estudyante sa paggamit ng online na kagamitan sa Edmodo

## 3. Metodolohiya

Ginamit sa pag-aaral na ito ang kwalitatibong pamaraan gamit ang phenomenological approach upang malalimang matukoy ang naging karanasan ng mga mag-aaral na nasa unang taon ng kolehiyo hinggil sa blended na paraan ng pagtuturo at pagkatuto gamit ang online na kagamitan sa platform na Edmodo. Pagkatapos makuha ang mga kaukulang permiso ay isinagawa ang panayam sa mga estudyante sa layuning makuha ang mga tugon na siyang malalimang naglarawan hinggil sa naging karanasan ng mga estudyante sa blended na pagtuturo at pagkatuto gamit ang online na kagamitan sa Edmodo. Kinuha ang mga datos hinggil sa mga mabuting naidulot ng blended na pagtuturo-pagkatuto, mga nagustuhan at hindi nagustuhan sa blended na pagtuturo-pagkatuto, ang suhestiyon upang mapabuti ang paggamit nito at ang naging karanasan ng mga estudyante sa paggamit ng online na kagamitan sa Edmodo.

Ang mga datos na nakalap mula sa isinagawang panayam sa layuning maunawaan ang naging karanasan ng mga estudyante sa blended na pagtuturo at pagkatuto ay ginamitan ng sistematikong proseso ng pagsusuri ng tekstwal na datos. Isinalin muna sa papel *(transcribe)* ang panayam at pagkatapos nito ay ang proseso ng *coding* at pinagsama-sama ang magkakaparehong paksa. Ang panayam sa mga tagatugon ng pag-aaral na ito ay ginamitan ng audio-recording. Isinaayos ang mga paksa ayon sa kani-kaniyang kategorya at sinuri ito. Pagkatapos nito ay nagsagawa ng balidasyon ng naging kinalabasan ng panayam sa pamamagitan ng pagpapasuri nito sa mga tagatugon ng pag-aaral na ito. Sa pamamagitan nito ay matutukoy ang kaangkupan at katumpakan ng mga datos. Nagkakaroon ng isandaang porsyentong (100%) partisipasyon ng mga tagatugon sa pakikibahagi sa blended na pagtuturo at pagkatuto gamit ang Edmodo. Ang mga datos na nakalap ay nagbigay ng mahalagang impormasyon hinggil sa naging karanasan ng mga mag-aaral sa blended na pagtuturo-pagkatuto.

***Mga Tagatugon ng Pag-aaral***

Ang mga mag-aaral na nasa Unang Taon na kumukuha ng edukasyon na kurso ng isang pamantasan ng Leyte ay ang siyang naging tagatugon sa pag-aaral na ito. Ang kabuuang bilang ng mga mag-aaral na kumukuha ng Bachelor of Science in Secondary Education (BSED) ay binubuo ng limampu't pitong (57) mag-aaral. Mula sa kabuuang bilang ng mga mag-aaral, pinili ng mananaliksik ang mga naging tagatugon sa pag-aaral sa pamamagitan ng *purposive sampling.* Pinili ang dalawampung (20) mag-aaral mula sa kabuuang bilang ng mga mag-aaral na limampu't pito (57). Isasaalang-alang sa pagpili ang mga mag-aaral na may sapat na kasanayan sa paggamit ng kompyuter, laptop, tablet, smart phone, epektibong paggamit ng internet at iba't ibang aplikasyon sa web na ginamit sa online na kagamitan sa Edmodo upang higit na maisakatuparan ang pagtamo ng layunin ng pag-aaral. Ang dalawampung (20) mga mag-aaral na napili ay ang siyang naging tagatugon ng pag-aaral na ito. Hiningi rin mula sa mga tagatugon ang kanilang malugod na pagsang-ayon na maging kasali o tagatugon sa pag-aaral na ito at ipinaalam ang kanilang magiging kabuuang partisipasyon para sa pag-aaral na ito.

Ang angkop na bilang ng mga mag-aaral na tumatanggap ng online na pagtuturo sa blended na pamaraan ay isa sa mga dapat isaalang-alang upang makamtan ang epektibong online na pagtuturo ng pagsulat. Ang online na pagtuturo sa pagsulat ay nararapat na nasa dalawampung (20) bilang ng mga mag-aaral lamang bawat klase (McCord, et al., 2013). Ang proseso ng online na pagtuturo ay masinsinan kung saan madalas ang interaksyon ng guro at ng mga mag-aaral. Sa ganitong paraan, ang mabilis na tugon ng guro ay kinakailangan, mahalaga ang malalimang pagtataya at dahil dito ang dalawampung (20) bilang ng mga mag-aaral ay ang siyang inirerekomenda.

***Instrumentong Ginamit***

Ang ginamit na instrumento ay ang panayam kaugnay sa karanasan ng mga mag-aaral sa blended na pagtuturo-pagkatuto. Binubuo ng limang katanungan ang ginamit sa pakikipanayam sa layuning matukoy nang malaliman ang naging karanasan ng mga mag-aaral sa blended na pagtuturo at pagkatuto gamit ang online na kagamitan. Ipinasuri ang mga katanungan sa mga eksperto ng nilalaman bago isagawa ang pilot testing. Ang mga eksperto ng nilalaman ay binubuo ng mga guro sa Filipino na halos sampung taon na o mahigit sa pagtuturo at may mga degree na Doctor of Education Major in Filipino Language Teaching at Doctor of Philosophy Major in Educational Management. Isinagawa ang pilot testing sa mga mag-aaral na nasa parehong antas ng mga tagatugon ng pag-aaral.

## 4. Resulta at Pagtalakay

Ilalahad sa bahaging ito ang mga datos na nakalap at ang pagpapakahulugan. Ang kinalabasan ay ilalahad sa pamamagitan ng talahanayan at pagtalakay at susundan naman ng angkop na pag-aaral na maaaring sumusuporta o ang kabaligtaran. Isinagawa ang panayam sa mga estudyante sa layuning makuha ang mga tugon na siyang malalimang naglarawan hinggil sa naging karanasan ng mga estudyante sa blended na pagtuturo at pagkatuto gamit ang online na kagamitan sa Edmodo gayundin ang mga naging suliranin sa paggamit ng online na kagamitan. Ipinahayag ng mga estudyante ang kanilang kaisipan at saloobin hinggil sa mga mabuting naidulot ng blended na pagtuturo-pagkatuto, mga nagustuhan at hindi nagustuhan sa blended na pagtuturo-pagkatuto, ang suhestiyon upang mapabuti ang paggamit nito at ang naging karanasan ng mga estudyante sa paggamit ng online na kagamitan sa Edmodo.

***3.1. Mabuting Naidulot ng Blended na Pagtuturo-Pagkatuto.*** Ipinahayag ng mga estudyante ang mga mabuting naidulot ng blended na pagtuturo-pagkatuto. Ito ay ang mabisang pagkatuto, pagkalinang ng sariling kakayahan, interaksyon sa talakayan at interes sa asignaturang Filipino.

*3.1.1 Mabisang Pagkatuto.* Ipinahayag ng mga estudyante ang pagiging mabisa ng blended na pagtuturo-pagkatuto dahilan sa pagkakaroon nila ng maraming natutunang kaalaman. Sampung (10) tagatugon ang nagbanggit na higit na lumawak ang kanilang kaalaman at karanasan sa pagkatuto sa mga paksa sa

asignaturang Filipino gamit ang blended na pagtuturo-pagkatuto. Nahasa nang husto ang kanilang isipan na mag-isip at nagkaroon ng positibong pagkatuto sa bawat talakayan. Ipinahayag ng isang tagatugon na "*mas lumawak ang aking kaalaman sa pag-aaral ng Filipino at pagsulat*." Maliban sa pagkatuto ng mga mag-aaral sa paksang pagsulat ay naging malawak din ang kanilang kaalaman sa wika at sa asignaturang Filipino. Binanggit din na maliban sa pagkakaroon ng malawak na kaalaman sa pagsulat ng mga estudyante ay mas higit na naging maunlad din ang kanilang kakayahan na gamitin ang mga kagamitan gaya ng cell phone, laptop at kompyuter upang maging mabisang kasangkapan sa pagkatuto.

*3.1.2 Pagkalinang ng Sariling Kakayahan.* Inilahad ng mga estudyante na sa pamamagitan ng blended na pagtuturo-pagkatuto ay nalinang nang husto ang kanilang kakayahan sa pagsulat ng komposisyon na may pagsasaalang-alang sa mga angkop na panuntunan sa pagsulat. Nakatulong din nang husto ang blended na pagtuturo-pagkatuto sa pagpapalawak ng kaisipan upang makagawa ng isang mabisang komposisyon. Sa pamamagitan din ng blended na pamaraan ay natutong magamit ng mga estudyante ang kanilang oras nang maayos at may kabuluhan. Ayon pa sa isinaad ng isang tagatugon na "*Natuto akong magamit ang aking oras nang maayos at makabuluhan.*" Masasalamin sa pahayag na naging produktibo ang mga mag-aaral sapagkat binigyan nila ng sapat na oras ang pagbibigay ng tugon sa mga aralin sa blended na pagkatuto.

*3.1.3 Interaksyon sa Talakayan.* Inilahad naman ng mga estudyante na nagkaroon ng mabisang interaksyon ang guro at ang mga estudyante na higit na nagpatibay ng komunikasyon upang maisakatuparan nang husto ang mabisang pagtuturo at pagkatuto sa pagsulat. Nagkaroon din ng malawak na interaksyon ang mga estudyante na naglayong higit na maunawaan ang mga paksa at mapalawak ang kanilang kaalaman na naging daan sa malawak na talakayan. Binanggit pa ng isang estudyante na, "*Naging malawak ang talakayan kasi kahit kami ay nasa canteen pinag-uusapan namin ang mga paksa sa ating talakayan. Sabay-sabay kaming kumakain at tinatalakay namin kung paano sagutan ang mga aralin sa Edmodo. Nagkakaroon din kami komunikasyon thru text at chat sa facebook na din."* Ito ay nagpapakita na ang mga estudyante ay naglalaan ng higit na oras sa kanilang pag-aaral upang mapagtagumpayan ang mga paksa sa asignaturang Filipino. Maliban sa silid-aralan at online na talakayan, patuloy ang kanilang pagsasagawa ng talakayan maging sa ibang midyum ng komunikasyon.

*3.1.4 Interes sa Filipino***.** Ang mga estudyante ay higit na nagkaroon ng interes na matuto sa mga paksa sa asignaturang Filipino sapagkat sila ay nagkaroon ng kawilihan sa pagkatuto sa kasanayang pagsulat gamit ang blended na pagtuturo-pagkatuto. Masasalamin ito sa pahayag ng isang estudyante na, "*naging interesado ako na mapalawak ang aking kaalaman sa Filipino sa pamamagitan ng blended*." Sa pamamagitan ng blended na pagtuturo ay mas natutunan ng mga estudyante ang pangunahing kaalaman sa wikang Filipino at pagsulat na naging dahilan na naging malugod sila sa mga paksa at maging sa iba pang paksa sa mga asignaturang Filipino. Ito naman ay naaayon sa naging kinalabasan ng pag-aaral nina Agustiani, et al. (2021) na nagkaroon ng motibasyon ang mga mag-aaral sa pagkatuto sa English at pag-unlad sa kanilang mga kakayahan batay sa mga tunguhin.

***3.2 Mga Nagustuhan ng mga Estudyante sa Blended na Pagtuturo-Pagkatuto.*** Ipinahayag ng mga estudyante ang kanilang nagustuhan hinggil sa paggamit ng blended na pagtuturo-pagkatuto sa layuning mapaunlad ang kanilang kasanayang pagsulat. Lumabas na nagustuhan ng mga mag-aaral sa blended na pagtuturo-pagkatuto ang iba't ibang paraan sa paglalahad ng mga paksa na ginamit sa blended na pagtuturo-pagkatuto, kaangkupan ng paksa at kagaanan ng pagkatuto.

*3.2.1 Iba't ibang Paraan sa Paglalahad ng mga Paksa na Ginamit sa Blended na Pagtuturo-Pagkatuto.* Binanggit ng mga estudyante sa panayam na nagustuhan nila ang iba't ibang paraan ng paglalahad ng mga paksa sa pagtuturo ng kasanayang pagsulat gaya ng paggawa ng komposisyon na batay sa napanood na video o larawan, pagsagot ng mga gawain sa online, ang pagsagot sa online na takdang-aralin at pagsusulit, ang iba't ibang uri ng aralin na pinasasagutan. Sabi pa ng isang estudyante na, "*pinakagusto ko ang iba't ibang klaseng aralin na pinasasagutan."* Nagkaroon ng pananabik at pagkawili ang mga estudyante sa pag-aaral ng mga paksa sapagkat ang pamaraan ay bago sa kanila at ito ay gumagamit ng mga makabagong kasangkapan sa pagkatuto. Ilan sa mga

ipinahayag ng mga estudyante ay *"nagkaroon ako ng excitement sa pagsagot ng bawat aralin sa Edmodo"* at "*nananabik ako na buksan muli ang Edmodo upang makita kung ilan ang aking naging score sa naunang takdang-aralin at kung paano gawin ang panibagong gawain.*" Naging epektibo sa pagpapaunlad ng kasanayang pagsulat ng mga estudyante ang blended na pagtuturo-pagkatuto sapagkat nagkaroon sila ng sapat na oras sa pagsagot sa mga aralin. Sabi pa ng isang estudyante na, "*maraming ideya ang pumapasok sa isipan ko sa pagsagot ng mga aralin at sa pagsulat ng komposisyon kasi alam ko kung kailan ang deadline ng pagpasa nito"* at *"nagkaroon ako ng pagkakataon pag-aralan ang isusumiting takdang-aralin."* Ang pagkakataon na tinutukoy dito ng estudyante ay ang palugit na ibinigay sa mga estudyante upang matapos ang isang takdang-aralin na nararapat ipasa bago ang huling araw ng pagpasa.

*3.2.2 Kaangkupan ng Paksa.* Inilahad ng mga estudyante ang katumpakan o pagiging angkop ng mga paksang tinalakay sa kanila upang higit na mapaunlad ang kanilang kasanayan sa pagsulat. Ang mga paksang wastong gamit ng mga salita, angkop na pamagat, pagtatalata, pagsulat ng iba't ibang uri ng komposisyon ay ang siyang tumatak sa mga estudyante. Dagdag pa, nahasa at umunlad ang kakayahan at kaalaman sa pagsulat ng Filipino dahil natugunan ang mga paksang nangangailangan ng pagtutok sa bahagi ng mga estudyante. Ayon pa sa pahayag mula sa estudyante na "*nagustuhan ko ang paksang wastong gamit ng mga salita kasi dito ako madalas nagkakamali……at ang mabisang paglalahad ng mga detalye dahil gumagana ang aking imahinasyon at dumadami ang aking kaisipang nailalahad.*" Ang kaangkupan ng paksa sa mga aralin gamit ang blended na pagtuturo-pagkatuto ay ang naging daan upang mapaunlad ang kasanayang pagsulat ng mga estudyante.

*3.2.3 Kagaanan ng Pagkatuto.* Naging magaan para sa mga estudyante ang blended na pagtuturo-pagkatuto dahilan na ang pagkatuto ay maaaring maganap kahit saan at kahit kailan na may pagsasaalang-alang sa deadline o huling araw ng pagpasa ng mga takdang-aralin at iba pang mga gawain. Naging angkop ang blended na pamaraan sa mga tagatugon na nasa antas kolehiyo dahil ilan sa kanila ay may mga sarili ng pamilya na kung saan minsan ay hindi maiiwasan na lumiban sa klase. Sa pamamagitan ng blended na pamaraan, hindi masyadong nahuhuli ang mga estudyante sa talakayan dahilan ito ay naisasagawa nang kahit saan at sa anumang oras.

***3.3 Mga Hindi Nagustuhan ng mga Estudyante sa Blended na Pagtuturo-Pagkatuto.*** Inilahad naman ng mga estudyante ang kanilang hindi nagustuhan o negatibong aspeto hinggil sa blended na pagtuturo-pagkatuto. Ito ay ang kahirapan sa koneksyon ng Internet at ang kulang na oras na ibinigay upang matapos ang bawat aralin sa itinakdang huling araw ng pagpasa nito.

*3.3.1 Koneksyon sa Internet.* Ipinahayag ng mga estudyante ang hinggil sa kanilang pinakaaayawan sa blended na pagkatuto, "*minsan mahina ang koneksyon ng Internet at di-makapag-access para ipasa ang mga takdang-aralin"* at "*hindi maka-access sa Edmodo o google kung mahina ang Internet connection.*" Karamihan sa mga estudyante ay nagpahayag ng balakid na ito sa pagsagot sa mga aralin sa online. Ang isyu hinggil sa koneksyon sa Internet ay isang umiiral na suliranin sa buong bansa hindi lang sa lugar ng mga naging tagatugon. Dahil sa suliraning ito, ang mga estudyante ay naging mapamaraan sapagkat isinasagawa nila ang online na mga gawain sa mga oras na kaunti na lang ang gumagamit ng Internet.

*3.3.2 Mabilisang deadline.* Ang pagkakaroon ng mabilisang deadline sa mga aralin sa online ay isa sa mga naging suliranin ng mga estudyante. Para sa ilan sa mga estudyante, kulang ang araw na ibinigay upang mahabol ang huling araw ng pagpasa. Mas higit na mapapabisa ang paggamit ng online na kagamitan kung mas mahaba pa ang bilang ng araw na nakalaan upang matapos ang bawat aralin at hindi nahuhuli sa itinakdang *deadline.*

***3.4 Mga Suhestiyon ng mga Estudyante.*** Nagpahayag ng mga suhestiyon ang mga estudyante upang mas mapabuti pa ang paggamit ng blended na pagtuturo at pagkatuto gamit ang online na kagamitan sa Edmodo.

*3.4.1 Pagpapalawig ng panahon o oras sa pagsagot sa mga aralin.* Ipinahayag ng mga estudyante ang mas pagpapalawig pa ng panahon o oras na masagutan ang mga aralin sa online bago pa dumating ang itinakdang deadline. Binanggit ng isang tagatugon na, "*mas palawigin pa nang kaunti ang deadline para sa submission ng*

*mga takdang-aralin sa online."* Sa pag-aaral na ito, ginamit ang mga modyul bilang online na kagamitan sa pagtuturo ng pagsulat sa blended na pamaraan at nilayong matapos sa loob ng walong linggo. Higit na mas mabisa ang paggamit ng modyul kung mas palalawigin pa ang panahon na masagutan ang bawat aralin sa modyul.

*3.4.2 Malawakang pagbibigay oryentasyon hinggil sa Edmodo.* Iminungkahi din ng mga estudyante na mas palawakin pa ang kaalaman ng iba pang mga guro at mag-aaral hinggil sa konsepto at paggamit sa Edmodo. Dagdag pa ng mga estudyante na gamitin din ang blended na pagtuturo-pagkatuto gamit ang Edmodo sa iba pang asignatura. Ayon pa sa pahayag ng estudyante na, "*Palawakin ang Edmodo sa iba. Ipagpatuloy ang nasimulan at gamitin. Patuloy na gamitin bilang bahagi ng pagtuturo at pagkatuto hindi lang sa asignaturang Filipino kundi maging sa ibang asignatura."*

***3.5. Karanasan sa Paggamit ng Online na Kagamitan sa Edmodo.*** Inilahad naman ng mga estudyante ang naging karanasan nila sa paggamit ng online na kagamitan sa Edmodo. Ito ay ang pagkakaroon ng maraming natutunang kaalaman; pagkakaroon ng kawilihan; pagkalinang ng mabuting katangian; at pagkakaroon ng makabuluhan at kakaibang karanasan sa pagkatuto.

*3.5.1 Maraming natutunan.* Inilahad ng mga estudyante na sa pamamagitan ng online na kagamitan ay marami silang natutunan sa paksa at sa paggamit ng online na social platform na Edmodo kung saan nandoon ang online na kagamitan. Nagkaroon din ng pagkakataon ang mga estudyante na makagamit ng online na kagamitan sa unang pagkakataon. Halos lahat ng mga mag-aaral ay nagpahayag na higit na mas lumawak ang kanilang kaalaman hinggil sa paksang pagsulat at makabuluhang karanasan sa paggamit ng online na kagamitan sa Edmodo.

*3.5.2 Pagkakaroon ng kawilihan sa pagkatuto.* Naging masaya ang mga estudyante sa kanilang karanasan sa pagkatuto sa blended na pamaraan gamit ang Edmodo dahil sila ay maraming natutunan at naging madali para sa kanila ang paghahanap ng mga impormasyon sa mga online na sanggunian. Ayon pa sa pahayag ng isang estudyante na, "*naging masaya ako sapagkat maraming natutunan at madaling maka-access sa mga impormasyon.*" Ipinapahiwatig nito na sa pamamagitan ng pagkakaroon ng kawilihan ng mga estudyante ay nagiging epektibo ang kanilang pagkatuto sapagkat gumagawa pa sila ng mga hakbang upang higit pang magkaroon ng iba pang kaalaman bilang karagdagan sa kanilang natutunan batay sa mga tinalakay.

*3.5.3 Pagkalinang ng mabuting katangian.* Para sa mga estudyante, naging malaking hamon sa kanila ang pagkatuto sa blended na pamaraan gamit ang online na kagamitan sa pagsulat dahil sa minsang mahinang koneksyon ng Internet at ang pagiging bago nito sa kanila. Sa kabila nito, naging mapamaraan ang mga estudyante upang mapagtagumpayan ang mga gawain sa online. Ipinahayag ng isang estudyante na. "*minsan kapag mahina ang signal ay isinusulat ko muna sa papel ang aking mga isasagot…gumagawa ako ng draft sa aking mga isasagot, ini-encode ko na siya at isi-save sa aking cp para kung ok na ang wifi eh isi-send ko na lang sa Edmodo."* Makikita sa pahayag ng estudyante na naging mapamaraan ito upang mapagtagumpayan ang mga gawaing online sa kabila ng konting balakid sa signal. Naging mapagsaliksik din ang mga estudyante upang mapag-aralang mabuti ang bawat aralin sa pamamagitan ng pagpunta sa iba't ibang karagdagang link na website na nakasaad sa online na modyul. Sa kabuuan, ang paggamit ng blended na pamaraan gamit ang online na kagamitan ay nakapaglinang sa mabuting personal na katangian ng mga estudyante.

*3.5.4 Makabuluhan at kakaibang karanasan.* Ang mga estudyante ay naging masaya sa paggamit ng online na kagamitan sapagkat ito ang kanilang unang karanasan na gumamit ng online na talakayan bilang bahagi ng blended ng pagtuturo-pagkatuto. Bukod dito, naging makabuluhan ang kanilang karanasan sa uri ng pagtuturo at pagkatuto dahil natamo ang layuning mapaunlad ang kasanayan sa pagsulat ng mga mag-aaral. Ang pagiging kakaiba at bago ang pamaraan para sa mga estudyante ay naging dahilan ito na naging epektibo ang blended na pagtuturo at pagkatuto sa kanila. Batay sa mga naging pahayag ng mga estudyante, natukoy na ang mga mabuting naidulot ng blended na pagtuturo-pagkatuto ay ang mabisang pagkatuto, pagkalinang ng sariling kakayahan, mabisang interaksyon sa talakayan at pagkakaroon ng higit na interes sa asignaturang Filipino.

Nagustuhan naman ng mga estudyante ang iba't ibang paraan sa paglalahad ng mga paksa na ginamit sa blended na pagtuturo-pagkatuto, ang kaangkupan ng paksa at kagaanan ng pagkatuto. Samantalang hindi naman nagustuhan ng mga estudyante na kung minsan ay mahina ang koneksyon ng Internet at mabilisang deadline sa pagpasa ng mga aralin. Sa layuning mapabuti ang paggamit ng blended na pamaraan gamit ang online na kagamitan, ibinigay na suhestiyon ang pagpapalawig pa sa panahon na masagutan ang bawat gawain sa modyul at ang malawakang oryentasyon hinggil sa Edmodo. Sa pamamagitan ng online na kagamitan sa Edmodo, ang mga estudyante ay higit ang natutunan, nagkaroon ng kawilihan sa pagkatuto, nalinang ang mga personal na kanilang mga mabubuting katangian at nagkaroon ng makabuluhan at kakaibang karanasan.

Pinatotohanan ng kinalabasan sa pag-aaral na ito hinggil sa naging karanasan ng mga estudyante sa blended na pagtuturo-pagkatuto gamit ang online na kagamitan sa Edmodo ang kinalabasan ng pag-aaral nina Altunkaya at Ayrancı (2020) na sa pamamagitan ng Edmodo ay nakatulong nang husto sa paglinang ng kakayahan sa akademikong pagsulat. Samantalang sa pag-aaral nina Halimah at Abdullah (2022) ay pinatotohanan din ang naging kinalabasan ng pag-aaral na ito na nagkaroon ng malawakang partisipasyon at pakikibahagi ang mga mag-aaral tungo sa lubusang pagkatuto. Nagustuhan ng mga mag-aaral ang Edmodo sa madaling makita ang mga kailangang kagamitan sa pagkaturo at ang pakikipagkomunikasyon gamit ang mga *forum*, *chat room* at iba pang online na gawain. Sa pag-aaral nina Etom, et al. (2021), mas gusto ng mga mag-aaral ang blended na pagkatuto dahil sa flexibility nito na makaangkop sa pagkuha ng mga gawaing online at pagkabihasa sa paggamit ng iba't ibang kagamitang panteknolohiya o gadget. Dagdag pa, para sa mga mag-aaral ang Edmodo ay mabisa at madaling itong gamitin. Ang mga pag-aaral nagpapakita ng paggamit ng Edmodo na nakatulong sa pagiging mabisa ng pagkatuto at pakikibahagi ng mga estudyante sa talakayan sa pamamagitan ng malawak na interaksyon ng mga estudyante at ng guro.

Ang isyu hinggil sa koneksyon sa Internet ay ipinahayag na isang balakid sa pagsagot ng mga gawain sa online na nagiging dahilan ng naghahabol sa itinakdang deadline ng pagpasa ng bawat aralin. Ang kinalabasan na ito ay may pagkakahalintulad sa naging kinalabasan ng mga pag-aaral nina Safriyani at Khasanah (2021), Javier at Dirain (2018) at Enriquez (2014) na ang pagkatuto sa Edmodo ay may balakid kung ang mga mag-aaral ay may isyu sa internet connectivity dahil sa nagiging matagal o nauubos ang oras sa pagsagot ng mga gawain sa online. Nailahad din sa kinalabasan ng pag-aaral ni De la Torre (2019) na ang paggamit ng Edmodo ay nangangailangan ng malakas o stable at mas mataas na *bandwidth* ng internet connectivity upang maiwasan ang pagkaputol-putol ng gawaing online. Dagdag pa, ang mahinang signal o kawalan ng internet sa mga *rural* na lugar ay isa sa mga hadlang sa pag-access ng mga gawaing online.

Ang kabuuang kinalabasan sa naging karanasan ng mga mag-aaral sa blended na pagtuturo at pagkatuto gamit ang Edmodo ay tumutugma sa pag-aaral nina Wibowo at Astriawati (2020) na nagkaroon ng positibong epekto sa pagpapaunlad ng pagkakatuto ng mga mag-aaral at ang Edmodo ay mabisang suporta sa proseso ng pagkatuto. Dagdag pa, nalinang sa mga mag-aaral ang angkop na kakayahan, nagkaroon ng mabisang interaksyon at komunikasyon, malayang pagpapahayag ng ideya ng mga mag-aaral at pagiging pagkamalikhain. Makikita din ang pagkakatulad ng pagkagiliw at pagkakontento ng mga estudyante sa blended na pagkatuto sa pamamagitan ng kolaborasyon ng mga gawain at interaksyon ng mga estudyante at ng guro.

## 5. Kongklusyon at Rekomendasyon

Sa pamamagitan ng blended na pagtuturo-pagkatuto gamit ang online na kagamitan sa Edmodo na platform, naging mabisa ang paglinang at pagpapaunlad ng kasanayang pagsulat ng mga mag-aaral sa Filipino. Higit na naging mabunga at makabuluhan ang karanasan ng mga mag-aaral sa paglinang ng kasanayang pagsulat.

Batay sa kinalabasan ng pag-aaral, ang mga sumusunod ay ang mga naging rekomendasyon.

1. Palawakin ang paggamit ng blended na pamaraan sa pagtuturo gamit ang Edmodo bilang learning management system sa pagtuturo ng iba pang makrong kasanayan gaya ng pakikinig, pagbasa, pagsasalita at maging panonood at sa iba pang asignatura hindi lang sa Filipino lalo na sa antas kolehiyo.

Magsilbing gabay sa pagsasanib ng pamaraang blended sa mga prosesong pagtuturo at pagkatuto ang konteksto ng pag-aaral na ito.

2. Higit na pagtuunan ng pansin ng mga guro sa Filipino ang pagkakaroon ng inobasyon sa pagtuturo ng mga paksang angkop sa pangangailangan ng mga mag-aaral gamit ang teknolohiya. Ang paghahanda ng kagamitang pampagtuturo ay nararapat na isaalang-alang ang paghahanda at naaayon sa pangangailangan at oryentasyon ng mga mag-aaral upang mabisang maisakatuparan ang lubusang pagkatuto at pagtatamo ng mga inaasahang kakayahan.

3. Isaalang-alang ng mga namumuno ng mga paaralan ang pagkakaroon ng pinaunlad na mga pasilidad na naaayon sa kahingian ng panahon gaya ng pagkakaroon ng magandang serbisyo at libreng internet connectivity sa mga guro at mga mag-aaral.

4. Higit na palawakin ang kaalaman ng mga guro hinggil sa Edmodo at sa mabisang implementasyon ng blended na pagtuturo-pagkatuto at masinsinang oryentasyon sa mga mag-aaral. Saklaw din nito ang pagbibigay-alam o oryentasyon hinggil sa integrasyon ng kagamitan sa blended na implementasyon.

5. Pagkakaroon ng mas malaliman pang pagsusuri hinggil sa karanasan sa paggamit ng blended na pagtuturo-pagkatuto gamit ang iba't ibang learning management system upang higit na mapaunlad ito at para sa mga gagawing implementasyon.

Hinihikayat din ng mananaliksik ang pagkakaroon ng mga panibago at kaugnay na pag-aaral hinggil sa blended na pagtuturo-pagkatuto partikular na sa pagtukoy ng karanasan ng mga mag-aaral sa isang learning management system na gamit upang higit na matugunan ang mga dapat isaalang-alang. Isa rin sa larangan na maaaring pagtuunan ng pansin ay ang pagbuo at paglinang ng mga kagamitang pampagtuturo na ginagamit sa blended na pagtuturo gamit ang Edmodo.

## 6. Mga Sanggunian


Agustiani, M., Ningsih, S., & Muris, A. A. (2021). Students' learning motivation through Edmodo: Blended learning in esp classroom. *Research and Development Journal of Education*, *7*(1), 39-49.

Ali, Z. (2015). A case study of tertiary students‟ experiences using edmodo in language learning. *International Journal of Language Education and Applied Linguistics*.

Altunkaya, H., & Ayrancı, B. (2020). The use of Edmodo in academic writing education. *Journal of Language and Linguistic Studies*, *16*(1), 89-103.

Bhadri, G. N., & Patil, L. R. (2022). Blended learning: An effective approach for online teaching and learning. *Journal of Engineering Education Transformations*, *35*(1), 53-60.

Cruz, J. S. D., & Catura, A. S. L. S. (2020). E-readiness for learning management systems of a higher education institution. *Asia Pacific Journal of Education, Arts and Sciences*, *7*(4), 18-25.

Deepa, M., Reba, P., Santhanamari, G., & Susithra, N. (2020). Enriched blended learning through virtual experience in microprocessors and microcontrollers course. *Journal of Engineering Education Transformations*, *34*(Special Issue).

De La Torre, J. D. (2019). Using Edmodo in Blended Learning: Its Benefits and Drawbacks. *Asian Journal of Multidisciplinary Studies*, *2*(1), 31–40.

Deng, L., & Tavares, N. J. (2015). Exploring university students' use of technologies beyond the formal learning context: A tale of two online platforms. *Australasian Journal of Educational Technology*, *31*(3).

Enriquez, M. A. S. (2014). Students' Perceptions on the Effectiveness of the Use of Edmodo as a Supplementary Tool for Learning. In *DLSU Research Congress* (Vol. 2, No. 6, pp. 1-6).

Etom, R., Pabatang Jr, O., Dapanas, K. M. M., Consolacion, R., Iniego, J. M., Jumao-as, A. M., ... & Tee, K. C. (2021, March). The use of elearning tools in blended learning approach on students' engagement and performance. In *Journal of Physics: Conference Series* (Vol. 1835, No. 1, p. 012075). IOP Publishing.

Halimah, A. N., & Abdullah, H. (2022). "Student preference towards the utilization of Edmodo as a learning

platform to develop responsible learning environments" study. *International Transactions on Education Technology (ITEE)*, *1*(1), 53-58.

Javier, B. S., & Dirain, E. L. (2018). Edmodo as supplemental tool to blended learning: The case of Filipino university students. *International Journal of Science and Research*, *8*(6), 352-357.

Lalima, D., & Dangwal, K. L. (2017). Blended learning: An innovative approach. Universal Journal of Educational Research, 5(1), 129-136.

McCord, M. G. (2013). Online writing instruction reports and recommendations. McMicken College of Arts and Science.

Muxtorjonovna, A. M. (2020). Significance of blended learning in education system. *The American Journal of Social Science and Education Innovations*, *2*(08), 507-511.

Prastyo, Y., & Solihah, M. (2021). Students' perception of the implementation of Edmodo learning platform in online learning. *International Journal of Research and Review*, *8*(12).

Safriyani, R., & Khasanah, S. U. (2021). The strengths and pitfalls of Edmodo to Indonesian EFL learners: Student and teachers' voices. *Englisia: Journal of Language, Education, and Humanities*, *8*(2), 106-119.

Siahaan, E. B. (2020). Students' Perception of Edmodo Use as a Learning Tool. *Journal of English Teaching*, *6*(1), 12-23.

Soloviova, O., & Trefanenko, I. (2021). Interactive methods as means of ensuring continuous professional development. *Scientific Journal of Polonia University*, *45*(2), 152-157.

Tuguic, L. A. (2021). Challenges of the new normal: students' attitude, readiness and adaptability to blended learning modality. International Journal of English Literature and Social Sciences, 6(2).

Wibowo, W., & Astriawati, N. (2020, April). The effectiveness of using Edmodo based e-learning in the applied mechanics course. In *Journal of Physics: Conference Series* (Vol. 1511, No. 1, p. 012121). IOP Publishing.